www.kidsworship.kr

6th Story

# Ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat!




**Cornelius** Pumunta kayo sa Joppa at dalhin ninyo sa akin ang isang lalaking nag-ngangalang Simon na tinatawag ding Pedro. Sinabi sa akin ng Diyos sa pamamagitan ng isang anghel na ipasundo siya.

**Cornelius' Servant** Maaari bang pumasok sa bahay ng mga hentil ang mga Romano?


**Cornelius** Basta sabihin niyo lang sa kanya na ipinapasundo siya.

**Cornelius' Servant** Opo!! opo!! sige po.



**Narration** Nang oras na iyon, habang si Pedro ay nasa bayan ng Joppa, siya ay nanal-angin sa Diyos.


**Peter** Ama, Ama, salamat. Sambahin ang pangalan Mo... Huh? Ano yun? Eh?? Bakit! Bakit may bumababang tila isang malaking kumot na mula sa langit, ano iyon? Hindi ito maaari!!! bakit may iba't ibang uri ng maruruming hayop? Saan galing ang mga hayop na ito?



**God** Pedro, tumayo ka. Magkatay ka at kumain!

**Peter** Ano!!! hindi po pwede.. 'Hindi ko po magagawa iyan, Hindi ako kumakain ng anumang marumi o di karapat-dapat kainin.'

**God** Huwag mong ituring na marumi ang nilinis na ng Diyos!' kaya! Mag-katay ka at kumain!



**Peter** Anoo!!! hindi po pwede···

**God** Sige na··· Magkatay ka at kumain!···

**Peter** Napakadumi ng mga yan kaya hindi ko po pwedeng kainin.


**God** Pedro··· makinig ka sa akin! bakit palagi mong sinasabi na ito ay maru-mi kahit na sinasabi ko na sa iyo na ito ay malinis? Huwag mong ituring na marumi ang nilinis na ng Diyos!'··· naiiintindihan mo ba?



**Peter** Ano ang nangyayari,, bakit ipinapakita ito sa akin ng Panginoon?

**Peter's Servant** Pedro, may dumating na bisita. Ang mga taong ito ay gusto kang mak-ilala.

**Narration** Ipinaliwanag ng mabuti ng mga lalaking pinapunta ni Cornelio kay Pedro ang kanilang pakay.



**Cornelius' Servant** Pinapasabi ni Cornelio na sumama ka daw sa amin.

**Narration** Kaya't sumama si Pedro sa bahay ni Cornelio kasama ang mga lingkod nito.

**Peter** Bakit mo ako pinapunta dito?





**Cornelius** Ahh, Pedro.. maligayang pagdating….kami ngayon ay nagtipon-tipon sa harap ng Diyos upang pakinggan ang lahat ng ipinapasabi ng Panginoon.

**Peter** Noong una, ang mga Hudyo ay hindi pinahintulutang makihalubilo sa mga Hentil. Ngunit ipinakita sa akin ng Diyos ang isang pangitain mula sa langit, na nagsasabi sa akin na huwag ituring na marumi ang nilinis na ng Diyos. “Ngayon ko lubusang nauunawaan na walang itinatangi ang Diyos. Nalulugod siya sa sinumang may takot sa kanya at gumagawa ng matuwid, kahit tagasaan mang bansa.

**Narration** Pagkatapos, sinabi sa kanila ni Pedro nang detalyado ang tungkol kay Hesus at ipinaliwanag sa kanila ang Bibliya. Habang sinasabi ito ni Pedro, bumaba ang Banal na Espiritu sa lahat.

**Peter** Oh! Diyos Ama, ipinadala mo ang iyong Banal na Espiritu maging sa mga Hentil, dahil sila din ay iyong mga anak.

**Narration** Kaya, ang pamilya ni Cornelio ay nabautismuhan sa pangalan ni Hesu Kristo at lahat sila ay naging Kristiyano. Ang araw na ito ang pinakamasaya at naging pinaka pinasasalamatang araw sa bahay nila Cornelio.

**Cornelius** Hahahaha Ako’y lubos na napakasaya at nagpapasalamat~~

**People** Hahahaha Sobrang saya namin at nagpapasalamat kami~~